

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagbibigay ang Lungsod ng Brampton ng tulong para sa mga negosyo sa lahat ng edad sa mga programa sa Starter Company Plus at Summer Company

BRAMPTON, ON (Pebrero 11, 2021) – Ang Lungsod ng Brampton ay tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon para sa dalawang pagsasanay sa negosyante at mga pagkakataon ng pagtutustos: ang Programang Starter Company Plus at Summer Company.

Sa panahon ng mabilis na pagbabago para sa maliliit na negosyo ng Brampton, ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na nagbibigay ng mga resource para suportahan ang mga negosyante. Ang dalawang programang ito ay iniaalok sa pamamagitan ng Brampton Entrepreneur Centre (BEC) para makatulong sa mga negosyante na umpisahan o palaguin ang kanilang mga negosyo. Tinutustusan sila ng Ontario Ministry of Economic Development, Job Creation and Trade.

Programang Starter Company Plus

Ang BEC, sa pakikipagtulungan ng Lalawigan ng Ontario, ay kinikilala ang kahalagahan ng pagsuporta sa mga may bago o umiiral na mga ideya sa negosyo. Ang Programang Starter Company Plus ay nagbibigay ng libreng pagsasanay, libreng pagmi-mentor, at nagkakaloob ng mga oportunidad na hanggang \$5,000 para sa kwalipikadong mga kalahok na magsimula, palakihin, o bumili ng maliit na negosyo. Nilalayan ng Programa na tugunan ang mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya at kung angkop, tutuon sa partikular na mga industriya at sektor.

Para mag-aplay sa Programang Starter Company Plus sa Brampton, kailangang kumpirmahin ninyo ang inyong pagiging kwalipikado na sumali at dumalo sa mandatoryong sesyon ng impormasyon. Ang pagdalo sa sesyon ng impormasyon ay hindi nagtitiyak ng pagkatanggap sa kaloob ng programa.

Ang mga interesadong partido ay pwedeng magpatala para sa mandatoryong sesyon ng impormasyon sa:

- Pebrero 18, 10 hanggang 11 am
- Pebrero 18, 6 hanggang 7 pm
- Pebrero 23, 10 hanggang 11 am
- Pebrero 23, 6 hanggang 7 pm

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa programa at para matukoy ang pagiging kwalipikado, bisitahin ang www.brampton.ca/bec.

Programang Summer Company

Sa pakikipagtulungan ng Pamahalaan ng Ontario, tumutulong ang BEC sa mga estudyante sa Ontario, na edad 15 hanggang 29, na maglunsad at patakbuhan ang isang negosyo. Sa buong summer, lalahok ang mga estudyante sa pagsasanay na sumasaklaw sa mga paksa tulad ng pagiging bihasa sa social media, marketing at sales, pangangasiwa sa panganib sa negosyo, at networking.

Ang deadline para sa mga aplikasyon ay Abril, 19, 2021. Ang mga naghahangad na mga batang negosyante ay hinihikayat na kumonekta sa BEC para mas matuto pa tungkol sa proseso ng aplikasyon. Ang programa ay birtwal na ihatid mula Mayo hanggang Agosto 2021.

Ang mga interesadong partido ay pwedeng magpatala sa mandatoryong sesyon ng impormasyon sa:

- Marso 25, 3:30 hanggang 4:30 pm

Bisitahin ang www.brampton.ca/bec para sa karagdagang impormasyon.

Tungkol sa Brampton Entrepreneur Centre

Ang Brampton Entrepreneur Centre ay bahagi ng kagawaran ng Pagpapalano, Pagtatayo at Pagpapaunlad sa Ekonomiya sa Lungsod ng Brampton. Ang BEC ay nakatuon sa istabilidad at paglago ng lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagtataguyod ng maingat na paghahanda, paglunsad at pagka-sustainable sa mahabang panahon ng micro at maliliit na negosyo sa lahat ng sektor.

Tungkol sa Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya sa Brampton

Noong Mayo 2020, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya bilang isang framework para umabante ang Lungsod sa muling pagpapasimula ng ekonomiya. Ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ay ay inorganisa sa apat na cornerstones: *Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship*, na naglalakip ng pagpapalawak ng mga alok ng Brampton Entrepreneur Centre para mas masuportahan ang mga negosyante at ang mga maliliit na negosyo; *Pamumuhunan, Sining, Kultura at Turismo*; at Imprastruktura. Para mas matuto pa, [i-click dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon, at ang lokal na mga negosyo ay mahalaga sa kabutihan ng ating magandang komunidad. Sa panahon ng hindi inaasahang kahirapan sa ating mga residente, nananatili tayong committed sa pagpapasulong sa mga pangarap ng umiiral at umusbong na mga lokal na negosyante. Hinihikayat ko ang mga interesadong Bramptonian na samantalahin ang mga programang Starter Company Plus at Summer Company, na iniaalok ng ating Brampton Entrepreneur Centre.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Entrepreneur Centre ay nagbibigay ng di matatawarang mga serbisyo at programa sa micro at maliliit na negosyo sa lahat ng sektor ng ating lungsod. Ang mga interesado sa pagsisimula, pagpapasulong o pagbili ng negosyo sa Brampton ay iniimbitahan na dumalo sa sesyon ng impormasyon para sa Programang Starter Company Plus, at ang mga nagnanais na mga estudyanteng negosyante ay hinihikayat na mag-aplay sa Programa sa Summer Company, ang dalawa ay iniaalok ng BEC. Kayo ang kinabukasan ng ating lungsod, at narito kami para tumulong.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura, Lungsod ng Brampton*

“Ang lokal na mga negosyo at mga negosyante sa Brampton ay napakahalaga sa pangkalahatang kabutihan ng ating komunidad. Ang Task Force sa Suporta sa Ekonomiya sa COVID-19 ng Lungsod ay itinatag sa pagsisimula ng pandemya at mula noon ay nagpatibay ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya, na tumutuon sa pagbibigay ng dagdag na mga resource at sumusuporta sa ating mga negosyante at mga negosyo sa paglunsad at paglago rito sa Brampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga staff ng Lungsod ay committed sa pagpapasulong ng *Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon* ng Prayoridad ng Termino ng Konseho, at isa sa maraming paraan na ginagawa natin ay sa pamamagitan ng mga programa na iniaalok ng ating Brampton Entrepreneur Centre. Ang Kabataan at ang mga negosyante ay mahalaga sa pagpapasulong ng ating local na ekonomiya, at ipinagmamalaki natin na suportahan sila sa pamamagitan ng darating na mga programang Starter Company Plus at Summer Company.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca